Aralin sa Filipino

Diptonggo

Ang patinig ay alin man sa limang titik **a**, **e**, **i**, **o**, at **u**. Ang **diptonggo** ay ang tunog na nabubuo sa pagsasama ng alin man sa limang patinig at ng titik **w** o **y**. Ang diptonggo ay alin man sa mga tunog na /*aw*/, /*ay*/, /*ey*/, /*iw*/, /*iy*/, /*oy*/, o /*uy*/ sa isang pantig ng salita.

> Halimbawa, ang salitang **aliw** (a-liw) ay may diptonggo. Ang diptonggo ay ang tunog na /*iw*/ dahil ang tunog na ito ay nasa pantig na *liw*. Ang salitang **sampay** (sam-pay) ay may diptonggo na /*ay*/ dahil ang tunog na ito ay nasa pantig na *pay*.

Walang diptonggo sa mga salita na may mga titik *aw*, *ay*, *ey*, *iw*, *iy*, *oy*, o *uy* kapag nahihiwalay ang dalawang titik sa pagpapantig.

> Halimbawa, ang salitang **aliwalas** ay may **iw** ngunit wala itong diptonggo na /*iw*/ dahil ang titik **i** at **w** ay nahihiwalay sa pagpapantig ng salita (a-li-wa-las). Ang salitang **sampayan** ay walang diptonggo dahil ang magkasunod na titik **a** at **y** ay nahihiwalay sa pagpapantig ng salita (sam-pa-yan).

Mga halimbawa ng mga salitang may diptonggo

/*aw*/

agaw	bangaw	dalaw	gaslaw	ibabaw	lugaw	pulaw	tahaw
alingawngaw	bataw	daw	gunaw	kalabaw	nakaw	sabaw	takaw
ampaw	batingaw	dilaw	halimaw	kantiyaw	palayaw	salindayaw	tampisaw
anahaw	bayaw	dungaw	hikaw	labnaw	pangaw	sawsaw	tanaw
apaw	bugaw	galaw	hilaw	laktaw	panglaw	sayaw	tanglaw
araw	bughaw	galawgaw	hiyaw	langaw	paningkaw	silaw	tuklaw
ayaw	bulahaw	gaway	ihaw	layaw	pataw	sigaw	tunaw
bakulaw	bulalakaw	gawgaw	ikaw	ligaw	pugnaw	singaw	uhaw
balintataw	bulyaw	ginaw	ilaw	litaw	pukaw	singkaw	

/*ay*/

abay	baranggay	himlay	katay	liwayway	panday	sanaysay	talakay
agapay	batay	hinay	kaway	malay	panganay	sangay	tamlay
akbay	baybay	hintay	kulay	malunggay	pantay	sampay	tangay
alalay	bitay	hiwalay	lakbay	may	patay	saway	tangkay
alay	buhay	hukay	lagay	maybahay	patnubay	saysay	tangway
anay	damay	husay	lamay	mayroon	paypay	sikhay	tatay
aray	dighay	inay	lantay	nanay	pilay	silay	tibay
atay	gabay	ingay	laway	nangalay	pugay	suklay	tinapay
away	gulay	itay	laylay	nilay-nilay	sabay	sungay	tiwasay
bagay	gutay-gutay	kaaway	lugay	pakay	sakay	subaybay	tulay
bahay	hanay	kalaykay	lumbay	palagay	saklay	sugnay	tunay
balangay	handusay	kamay	lumanay	palay	salakay	suway	ugnay
bantay	himay	kampay	lupaypay	panay	salaysay	tagumpay	wagayway

/*ey*/

beybi	beyk	beysbol	Leyte	keyk	reyna

/*iw*/

agiw	aliw-iw	giliw	paksiw	sisiw
aliw	baliw	liwaliw	saliw	

/*iy*/

kami'y (kami ay)

/*oy*/

abuloy	baboy	kasoy	lumboy	palaboy	saluysoy	taboy	tukoy
apoy	daloy	kuyakoy	luoy	panaghoy	simoy	tanghoy	tuloy
amoy	hoy	langoy	maligoy	pantukoy	soy	totoy	ugoy
biloy	kahoy	latoy	okoy	saboy	tabatsoy	tsampoy	unggoy

/*uy*/

aruy	baduy	huy

Talâ: patinig - *vowel*, pantig - *syllable*, diptonggo - *diphthong*

© 2012 PLN, www.samutsamot.wordpress.com